PRAYER

- Ipagdasal ang mga gusto mong imbitahan na maging handa at bukas ang kanilang mga puso sa pagtanggap sa Magandang Balita.

- Manalangin na magkaroon ka ng higit na lakas ng loob, mga pagkakataon, at mga malikhaing ideya sa pagbabahagi ng iyong pananampalataya.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

www.victory.org.ph

FILIPINO

iPray

Ibahagi ang Pananampalataya

Week 4

NOTES

CONNECT

- Anong kwento ang inuulit-ulit sa inyong pamilya? Sa palagay mo, bakit kaya nila gustong ulit-ulitin ito?
- Anu-anong mga bagay ang karaniwan mong ginagawa upang ipakita ang pagtitiwala mo sa isang tao?

WORD

WHAT
What does the Bible say?

At idinadalangin ko na nawa ang mga nakakabahagi sa iyong pananampalataya ay makalasap din ng mga pagpapalang taglay mo kay Cristo.

Filemon 6

Pinuri ni Pablo sa kanyang sulat ang pananampalataya ni Filemon at ang kanyang pagmamahal sa ibang mga kapatiran (b. 5). Ipinagdasal din niya na maging masugid si Filemon sa pagbahagi ng kanyang pananampalataya.

Magandang gayahin ang halimbawa ni Pablo. Kahit tayo ay may pananampalataya sa Diyos, dapat nating ipagdasal na maging aktibo tayo sa pagbahagi dito. Heto ang mga halimbawa ng kung papaano natin maibabahagi ang ating pananalig.

- **Pagsama sa ibang mga nananampalataya**
  Karaniwa'y iniisip natin na sapat na ang pagkakaroon ng magandang ugnayan sa isa't isa, ngunit higit pa rito ang itinuturo ng Bibliya. Sinasabi ng Salita ng Diyos na kalakip dapat nito ang sama-samang paglago ng ating ugnayan sa Diyos. Anu-ano ang pupwede nating gawin upang sama-sama tayong umunlad sa ating pananampalataya (Mga Gawa 2:42)?

- **Pagturo sa iba na sumunod sa Diyos**
  Hinihikayat tayo ng Bibliya na bilang mga tagasunod ng Diyos, pupwede nating turuan ang iba na sumunod din sa Kanya. Pupwede nating gabayan ang iba kung paano mamuhay na ayon sa Kanyang mga kaparaanan. Ano ang dapat nating maging layunin sa pagturo sa iba na sumunod sa Diyos (2 Timoteo 2:2)?

- **Pagbahagi ng ebanghelyo**
  Ang pagturo sa iba sa Diyos ay nagsisimula sa pagbabahagi ng Magandang Balita. Subalit hindi dapat ito huminto sa pagkukwento lamang ng ebanghelyo. Dapat ay totoo at taos-puso ang ating kagustuhan na makilala sila at dapat tunay tayong nag-aalala para sa kanila (1 Corinto 9:22). Papaano maaapektuhan ng ating pag-aalala sa mga tao ang kanilang pagtugon sa ebanghelyo?

SO WHAT

What is the relevance of the Word to my life?

- Sa palagay mo, bakit mahalaga para sa atin na ibahagi ang ating pananampalataya sa iba?

- Alalahanin mo kung kailan nabago ng ebanghelyo ang buhay mo. Papaano kaya makakatulong ang kwento mo na humikayat sa iba na sumunod kay Cristo?

- Alin sa mga kaya mong gawin ang pupwede mong gamitin sa pagbahagi ng iyong pananampalataya sa mga tao sa iyong palibot?

NOW WHAT

How do I apply the Word to my life?

- Sinu-sino ang pupwede mong imbitahan sa mga susunod na araw na lumahok sa *Victory Group*?

- Ano ang pupwede mong gawin ngayong linggo upang masimulan ang pakikipag-ugnayan sa mga tao sa iyong paligid at mabahagian sila ng ebanghelyo?